# Joy B at SBP angat sa QC

Ni ANGIE DELA CRUZ

Dalawang linggo bago ang araw ng halalan, nangunguna pa rin si Quezon City Vice Mayor Joy Belmonte sa pinakabagong survey bilang alkalde ng lungsod.

Hindi lamang si Vice Mayor Belmonte ang umangat sa survey kundi maging ang lahat ng kandidato sa ilalim ng Serbisyo sa Bayan Party (SBP) sa lungsod.

Sa survey na isinagawa ng iSurvey, isang independent research at data analytics firm, nakakuha si Belmonte ng 63 percent habang 32 percent si Cong. Vincent Crisologo. Nahuli naman si Ismael Mathay III sa 3 percent.

Ang nasabing survey ay isinagawa noong ika-19 hanggang 25 ng Abril, 2019 mula sa 15,000 na rehistradong botante sa lahat ng distrito ng lungsod.

Ayon sa pag-aaral ng iSurvey, ang pangunahing mga kandidato na sina Belmonte at Crisologo ay lumalaban batay sa magkakaibang plataporma.

Ang nangungunang si Belmonte ay nangangampanya ayon sa isang progresibong plataporma na nakatuon sa paghahandog ng abot-kayang pabahay para sa mga informal settler families (ISF's), higit na mga benepisyo para sa kalusugan at edukasyon, paninigurado ng kaligtasan ng mga taga-lungsod, at iba pang serbisyo para sa mga mamamayan.

Si Crisologo naman ay nangakong maglaan ng malaking bahagi ng pondo ng lungsod sa mga serbisyong panlipunan. Ipinapanukala rin ng kongresista ng 1st District ang pagtanggal ng lahat ng tax discounts para sa mga senior citizen, solo parens, at persons with disabilities (PWD's) upang magkaroon ng uniform taxation sa lungsod.

Para sa posisyon ng Vice Mayor, nangunguna si Councilor Gian Sotto na may 44 percent habang ang katunggali niyang si Joseph Sison ay may 30 percent. Si Councilor Roderick Paulate ay may 19 percent ng bolo.

Para sa Congressman, nangunguna naman sina Elizabeth Delarmente (59%) sa District 1; Precious Castelo (49%) sa District 2; Alan Reyes (65%) sa District 3; Jesus Suntay (89%) sa District 4; Alfredo Vargas (85%) sa District 5 at Christopher Belmonte (88%) sa District 6.

Ang nasabing survey ay may +/-2% error margin at 95% Confidence Level.